

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pang-uri o Pang-abay

Kakayahan: Naisasabi kung ang salita sa pangungusap ay ginagamit bilang pang-uri o pang-abay

Isulat sa patlang kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit bilang **pang-uri o pang-abay**.

1. \_\_\_\_\_ Ang tirahan ng mga hayop sa kagubatan ay mapayapa.  
\_\_\_\_\_ Ang mga hayop ay mapayapang naninirahan sa kagubatan.
2. \_\_\_\_\_ Minahal niya nang wagas ang kanyang inang-bayan.  
\_\_\_\_\_ Ang pagmamahal niya sa kanyang inang-bayan ay wagas.
3. \_\_\_\_\_ Mahigpit na yinakap ng ina ang kanyang mga anak.  
\_\_\_\_\_ Mahigpit ang yakap ng ina sa kanyang mga anak.
4. \_\_\_\_\_ Ang lalaking nagnakaw ng bag ay nagmamadali.  
\_\_\_\_\_ Nagmamadaling lumabas ang lalaking nagnakaw ng bag.
5. \_\_\_\_\_ Nakatutuwang alalahanin ang bakasyon natin noong isang taon.  
\_\_\_\_\_ Naalala ko ang nakatutuwang bakasyon natin noong isang taon.
6. \_\_\_\_\_ Siya ay magalang habang nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa kanya.  
\_\_\_\_\_ Siya ay magalang na nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa kanya.
7. \_\_\_\_\_ Husto ang pag-aaral ni Roberto para sa mahabang pagsusulit.  
\_\_\_\_\_ Nag-aral nang husto si Roberto para sa mahabang pagsusulit.
8. \_\_\_\_\_ Si Nora Aunor ay sunud-sunod na pinarangalan ng iba't-ibang organisasyon.  
\_\_\_\_\_ Sunud-sunod ang mga parangal na ibinigay ng iba't-ibang organisasyon kay Nora Aunor.

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pang-uri o Pang-abay

Kakayahan: Naisasabi kung ang salita sa pangungusap ay ginagamit bilang pang-uri o pang-abay

Isulat sa patlang kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit bilang **pang-uri** o **pang-abay**.

- pang-uri Ang tirahan ng mga hayop sa kagubatan ay mapayapa.

pang-abay Ang mga hayop ay mapayapang naninirahan sa kagubatan.
- pang-abay Minahal niya nang wagas ang kanyang inang-bayan.

pang-uri Ang pagmamahal niya sa kanyang inang-bayan ay wagas.
- pang-abay Mahigpit na yinakap ng ina ang kanyang mga anak.

pang-uri Mahigpit ang yakap ng ina sa kanyang mga anak.
- pang-uri Ang lalaking nagnakaw ng bag ay nagmamadali.

pang-abay Nagmamadaling lumabas ang lalaking nagnakaw ng bag.
- pang-abay Nakatutuwang alalahanin ang bakasyon natin noong isang taon.

pang-uri Naalala ko ang nakatutuwang bakasyon natin noong isang taon.
- pang-uri Siya ay magalang habang nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa kanya.

pang-abay Siya ay magalang na nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa kanya.
- pang-uri Husto ang pag-aaral ni Roberto para sa mahabang pagsusulit.

pang-abay Nag-aral nang husto si Roberto para sa mahabang pagsusulit.
- pang-abay Si Nora Aunor ay sunud-sunod na pinarangalan ng iba't-ibang organisasyon.

pang-uri Sunud-sunod ang mga parangal na ibinigay ng iba't-ibang organisasyon kay Nora Aunor.